



Distance Learning Parent Newsletter Issue 15
2020, Filipino
Page 1 of 5



Ika-labing walo ng Disyembre, dalawampu at dalawampu

Malayuang Tulong sa Pag-aaral para sa mga Magulang

Isang Balitang Liham

Ika- labing limang Isyu

Dibisyon ng Pagsuporta Para sa Mag-aaral ng Ingles
Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE)

Pambungad na Liham

Mga Magulang,

Ang ika-labing limang edisyon na ito ay magdadala sa atin sa isang maikling bakasyon Ing Kapaskuhan ng 2020. Sana ang inyong buong pamilya ay nasa mabuting kalagayan.

Ang edisyon na ito ng balitang liham ay magbibigay ng karagdagang tulong sa mga magulang, at magsisilbing paalala sa atin tungkol sa kahalagahan ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga *on line* na aktibidades sa inyong mga guro. Kung kinakailangan ninyo ng karagdagang suporta para maakses at mapanatili ang komunikasyon sa guro ng inyong anak, kontakin lamang ang paaralan sa lalong madaling panahon.

Panatiliin ang Pakikipag-ugnayan sa Guro ng Inyong Anak

Anim na rekomendasyon para mapanatiliing epektibo ang relasyon ng bawat magulang at guro. Malaki ang magagawa ng relasyon na ito para sa pag-aaral ng inyong mga anak.

<https://earlylearningnetwork.unl.edu/2020/04/15/staying-in-touch-maintaining-parent-teacher-relationships-from-a-distance/>

Komperensya ng Guro at Magulang

Malaki ang naitutulong sa mga mag-aaral kung ang mga magulang ay sumasali sa mga gawaing pang-eskwela. Ang komperensya ng mga guro at magulang ay isang mahalagang oportunidad para mapag-usapan ang progreso ng bata, ibahagi ang lakas at ang kailangan ng inyong anak, at makipagtulungan sa guro para mapabuti ang inyong anak.

<https://kidshealth.org/en/parents/parent-teacher-conferences.html?WT.ac=pairedLink>

Lahat ng Tungkol sa Maliliit na Bata

Maaaring alamin ng mga pamilya kung anong mga kasanayan ang makakatulong sa mga mag-aaral, kung paanong matututo ng wika, kung paano alamin ang tungkol sa damdamin at relasyon, kung paano nila natutunan ang mga tungkol sa numero at kung paano sila naging bihasang igalaw ang kanilang katawan.

<https://allaboutyoungchildren.org/>

Mga Tulong na Inpormasyon na Kasama Linggo-Linggo

Inpormasyon Tungkol sa Pagkain: CA Meals for Kids

Maaari pa ring kumuha ng pagkain sa paaralan sa panahon ng COVID-19 kahit sarado ang paaralan. Gamitin lamang ang “CA Meals for Kids” *mobile app* o kontakin ang *school district* para malaman kung saan makakakuha ng pagkain. Maaaring kontakin ng mga magulang ang paaralan para malaman kung mayroong mga bagong programa.

CDE News Release: CA Meals for Kids App Update at <https://www.cde.ca.gov/497627>

Pagkuha ng Internet

Kung wala kayong akses sa internet sa bahay, ay mayroon namang mga kompanya na nagbibigay ng serbisyo sa mga pamilya. Kontakin lamang ang mga kompanyang ito na nakalista sa *link* sa ibaba para mapag-usapan ang serbisyonang maaaring makuha.

Getting Internet Access: Available Plans at <https://www.cde.ca.gov/498321>

Mga Mapagkukunan ng Pag-aaral sa Tahanan

Sa ibaba ay mga libreng tulong na maaaring gamitin sa sariling tahanan kasama ng inyong mga anak o maaari din namang sila na lamang ang gumamit.

Pagsuporta sa mga Batang Nag-aaral ng Ingles sa Bahay

Mga Aktibidad ng Pamilya at mga Tagapag-alaga

Mayroong siyam na papel (*activity sheets*) na maaaring gamitin sa Filipino at Espanyol at dinisenyo para makapagbigay ng mga simple at masasayang aktibidades sa mga pamilya at sa kanilang mga tagapag-alaga at maaari nila itong gamitin sa sariling tahanan para lalong mapaunlad ang sariling wika.

https://ies.ed.gov/ncee/ed_labs/regions/west/Resources/CaregiverActivities

Mahahalagang Bagay Na Dapat Tandaan sa Pag-aalaga ng mga Maliliit na Bata

Maraming bagay ang maaaring gawin para makapagtayo ng isang ligtas, matatag, at mapag-arugang relasyon sa inyong mga anak. Ang *website* na ito ay maaaring masagot ang ilan sa mga pangkaraniwang hamon o katanungan, upang lalong maging tiwala ang mga magulang at maging masaya sa pagpapalaki sa kanilang lumalaking mga anak.

<https://www.cdc.gov/parents/essentials/index.html>

Pagbubukas ng Pintuan (Early Edge California)

Mga gamit/tulong sa mga magulang at pamilya upang mabuksan ang pintuan sa edukasyon ng maliliit na bata (*preschoolers*). Ibinigay sa Ingles at Espanyol para sa madaling paggamit.

<https://ap-od.org/>

Social Media and Email

Upang laging malaman ang mga bagong balita at inpormasyon, sundan lamang ang CDE English Learner Support Division sa Twitter [@MultilingualCA](https://twitter.com/MultilingualCA).

Kung gusto ninyong magsubscribe sa Multilingual Updates Listserve, magpadala lang ng blankong email sa join-multilingual-support-division-updates@mlist.cde.ca.gov